Republic of the Philippines
**Department of Education**
DIGOS CITY DIVISION
**Office of the Schools Division Superintendent**

**DIVISION MEMORANDUM**
CID-2026-289

To : Hepe ng CID and SGOD
Tagamasid Pansangay
Tagamasid Pampurok
Kawani ng Division Office
Tagapamahala ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan sa Sekundarya at Elementarya
Guro sa Filipino

Subject : **2026 BUWAN NG WIKA PAMBANSA**

Date : July 30, 2026

---

Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ipinagdiriwang taon-taon ang Buwan ng Wikang Pambansa mula Agosto 1 hanggang 31. Kaugnay nito, nakikiisa ang Sangay ng mga Paaralan ng Lungsod ng Digos sa pambansang pagdiriwang at hinihikayat ang lahat ng paaralan at tanggapan na magsagawa ng makabuluhan, inklusibo, at angkop na mga gawaing pangwika at pangkultura.

Ang tema ng pagdiriwang sa taong 2026 ay "Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon." Binibigyang-diin ng tema ang mapanuri, makatao, etikal, ligtas, at responsableng paggamit ng Artificial Intelligence bilang katuwang sa pagkatuto, pananaliksik, at pagpapalaganap ng wika, kultura, at kasaysayan ng bansa.

Layunin ng pagdiriwang na: (a) maipatupad ang mga probisyon ng Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997; (b) mapataas ang kamalayang pangwika at sibiko; (c) mahikayat ang aktibong pagpapahalaga at pakikilahok sa mga gawaing nagtataguyod sa mga wika ng Pilipinas; at (d) mapalawak ang kaalaman tungkol sa papel ng Komisyon sa Wikang Filipino sa pangangalaga at pagpapaunlad ng mga wika sa bansa.

Bilang pangunahing gawaing pampagkatuto sa loob ng klase, maaaring isagawa at iangkop ng mga paaralan ang mga gawaing **Likhawento, TahiRawan, Dokyuwento, at AI-Saliksik** ayon sa baitang, antas ng pag-unawa, at kakayahan ng mga mag-aaral. Ang mga gawaing ito ay hindi lamang ituturing na hiwalay na pagdiriwang ng Buwan ng Wika, kundi **sadyang iuugnay at isasama sa mga kasanayang pampagkatuto sa asignaturang Filipino**.

| Yugto / Baitang | Gawain | Layunin |
|---|---|---|
| Unang Yugto<br>Kindergarten hanggang Baitang 3 | **LikhaWento** | Makabuo at makapagsalaysay ng kuwento upang malinang ang pagkamalikhain at kasanayan sa wika. |
| Ikalawang Yugto | **Tahirawan** | Mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa |

| Yugto / Baitang | Gawain | Layunin |
|---|---|---|
| Baitang 4 hanggang 6 | | malikhaing pagpapahayag at paggamit ng wika. |
| Ikatlong Yugto<br>Baitang 7 hanggang 10 | **DokyuWento** | Makalikha ng makabuluhang dokumentaryong nagsasalaysay ng mga karanasan, isyu, o kulturang may kaugnayan sa tema. |
| Ikaapat na Yugto<br>Baitang 11 hanggang 12 | **AI-Saliksik** | Magamit ang makabagong teknolohiya at AI bilang katuwang sa masusing pananaliksik at paglikha ng makabuluhang akademikong output. |

Bawat baitang ay inaasahang makabuo ng angkop na **performance task o kongkretong output** batay sa mga kompetensiyang nakatakda sa Filipino. Maaaring kabilang sa mga output ang malikhaing kuwento, biswal na salaysay, dokumentaryong bidyo, pananaliksik, presentasyon, sanaysay, repleksiyon, o iba pang gawaing nagpapakita ng kasanayan sa pagbasa, pagsulat, pagsasalita, pakikinig, pananaliksik, at mapanuring paggamit ng impormasyon.

Sa ganitong paraan, ang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ay magiging bahagi ng aktuwal na proseso ng pagtuturo, pagkatuto, at pagtataya. Titiyakin ng mga guro na ang bawat gawain ay may malinaw na kaugnayan sa competency, angkop na pamantayan o rubrik, at nasusukat na output na maaaring gamiting ebidensiya ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa bawat baitang.

Ang mga gawain sa Buwan ng Wikang Pambansa ay dapat isama sa mga angkop na gawaing pampagtuturo at pampagkatuto at isagawa nang hindi nakaaantala sa regular na klase at **Instructional Block**. Dapat matiyak ang pagsunod sa mga umiiral na patakaran ng Kagawaran hinggil sa engaged time-on-task, pagpapatupad ng three-term school calendar, at pagsasagawa ng off-campus activities.

Sa paggamit ng AI applications at websites, dapat sundin ang mga prinsipyo ng human-centered at responsableng paggamit ng teknolohiya, kabilang ang wastong pagbanggit o disclosure, mapanuring pagsusuri sa nalikhang nilalaman, paggalang sa copyright, pangangalaga sa data privacy at seguridad, at pagpapanatili ng integridad ng gawa ng mag-aaral at guro.

Upang higit na mapatingkad ang diwa ng pagdiriwang, ang lahat ng DepEd personnel, teaching at non-teaching, sa Tanggapan ng Sangay at sa mga pampublikong paaralan ay inaasahang magsuot ng Filipiniana, Barong, o iba pang angkop na kasuotang Pilipino tuwing Lunes sa buong buwan ng Agosto 2026, partikular sa Agosto 3, 10, 17, 24, at 31. Hinihikayat din ang mga pribadong paaralan na makiisa sa gawaing ito.

Ang pagsusuot ng kasuotang Pilipino ay dapat maging maginhawa, disente, angkop sa tungkulin at lugar ng trabaho, at hindi magiging dahilan upang obligahin ang sinuman na bumili ng bagong kasuotan. Maaaring gamitin ang mayroon nang Filipiniana, Barong, lokal o katutubong kasuotan, o Filipino-inspired attire, nang may paggalang sa kultura at tradisyong kinakatawan nito.

Ang mga Pinuno ng Paaralan, katuwang ang mga Tagapag-ugnay sa Filipino at iba pang kaugnay na kawani, ay inaasahang manguna sa pagpaplano, kontekstwalisasyon, pagpapatupad, at

dokumentasyon ng mga gawain sa kani-kanilang paaralan. Ang mga gawain ay dapat maging inklusibo, angkop sa edad at kakayahan ng mga mag-aaral, at sensitibo sa kultura at kasarian.

Sumangguni sa kalakip na Memorandum Pangkagawaran hinggil sa iba pang detalye tungkol sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026.

Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap at mahigpit na pagpapatupad ng Memorandum na ito.

For and in the absence of SDS:

**BEVERLY S. DAUGDAUG, EdD**
Chief-CID
Officer-In-Charge

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RELEASED
DATE: 30 JUL 2026 TIME:
BY:

Republic of the Philippines
Department of Education
DIGOS CITY DIVISION
Office of the Schools Division Superintendent

## PAMANTAYAN SA PAGMAMARKA AT MGA GABAY NA TUNTUNIN AT MEKANIKS

| LIKHAWENTO | |
|---|---|
| Mga Pamantayan | Bahagdan |
| **Kaalaman/Pag- unawa sa Kuwento**<br>• Malikhaing naisasalaysay ang sumusunod:<br>A. mahahalagang detalye at pangyayari;<br>B. elemento ng larawang-kuwento; at<br>C. kaangkupan ng pagsasalaysay sa mga biswal/ imahe/larawan ng kuwento | 50% |
| **Paggamit ng Tinig (Tamang Tono, Tatas at Ekspresyon sa Pagsasalaysay)**<br>• Naisasalaysay ang kuwento nang may wastong paggamit ng salita at tamang lakas para sa pandinig ng mga manonood<br>• Naipamamalas ang wastong diin, intonasyon at pagbigkas | 30% |
| **Pagganap sa Harap ng Klase**<br>• Naipakikita ang kumpiyansa at angkop na tindig/pagganap, ekspresyon ng mukha at kilos/galaw<br>• Nakapagtatanghal sa itinakdang oras | 20% |
| **Kabuoan** | **100** |

## MGA GABAY NA TUNTUNIN AT MEKANIKS

A. Opisyal na gawaing pangklasrum ang **LikhaWento** sa lahat ng mag-aaral mula kindergarten hanggang Ikatlong Baitang.

B. Pipili ang mga guro ng *wordless story* na angkop sa edad ay kakayahan ng mga mag-aaral;

C. Ipapakita ng guro ang mga larawang-kuwento sa mga mag-aaral at hahayaan niyang magbigay ng interpretasyon o pagkukuwento ang mga mag-aaral; Mahalagang masunod ng mga mag-aaral ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.

D. Maaaring gumamit ng panulat at papel upang maiayos ang mga naisip na interpretasyon ng mga mag-aaral sa kuwento;

E. Magbibigay ng iba pang halimbawang kuwento ang mga guro at muling uulitin ang proseso ng pagbibigay ng interpretasyon at pagkukuwento;

F. Sasanayin ng guro ang mga mag-aaral sa kasanayang ito sa buong buwan ng Agosto. Mamarkahan ng guro ang bawat isang mag-aaral gamit ang ibinigay na pamantayan sa loob ng limang (5) minuto. Kailangan bumuo ang mag-aaral ng

Address: Roxas Cor. Lopez Jaena Street, Zone II, Digos City (8002)
Telephone Nos.: (082) 553-8375; (082) 553-8396

kaniyang sarili pamagat sa mabubuong kuwento mula sa mga larawan.

| TAHIRAWAN | |
|---|---|
| Mga Pamantayan | Bahagdan |
| **Kuwento**<br>• Malikhaing naisasalaysay ang sumusunod:<br>A. lohikal na pagkakasunod-sunod ng mahahalagang detalye at pangyayari;<br>B. elemento ng kuwento; at<br>C. kaangkupan ng pagsasalaysay sa mga biswal/ imahe/larawan. | 50% |
| **Paggamit ng Tinig (Tamang Tono, Tatas at Ekspresyon sa Pagsasalaysay)**<br>• Naisasalaysay ang kuwento nang may wastong paggamit ng salita at tamang lakas para sa pandinig ng mga manonood<br>• Naipapamalas ang wastong diin, intonasyon at pagbigkas | 30% |
| **Pagganap sa Harap ng Klase**<br>• Naipakikita ang kumpiyansa at angkop na tindig/pagganap, ekspresyon ng mukha at kilos/galaw<br>• Nakapagtatanghal sa itinakdang oras | 20% |
| **Kabuoan** | **100%** |

**MGA GABAY NA TUNTUNIN AT MEKANIKS**

A. Opisyal na gawaing pangklasrum ang **TahiRawan** sa lahat ng mag-aaral mula ikaapat hanggang ikaanim na baitang.
B. Pipili ang mga guro ng anim (6) hanggang walong (8) magkakaibang larawan na angkop sa edad ay kakayahan ng mga mag-aaral;
C. Ipapakita ng guro ang magkakaibang larawan sa mga mag-aaral at hahayaan niyang magbigay ng interpretasyon o pagkukuwento ang mga mag-aaral;
D. Bubuo ng sariling kuwento ang mga mag-aaral mula sa mga ipinakitang larawan. Isaalang-alang ang sangkap at mga bahagi ng maikling kuwento;
E. Maaaring gumamit ng panulat at papel upang maiayos ang mga naisip na interpretasyon ng mga mag-aaral sa kuwento;
F. Sasanayin ng guro ang mga mag-aaral sa kasanayang ito sa buong buwan ng Agosto. Bilang pagtatapos, isa-isang ipapakita ng mga mag-aaral ang nabuong kuwento sa loob ng limang (5) minuto sa harap ng klase. Mamarkahan ng guro ang bawat isang mag-aaral gamit ang ibinigay na pamantayan.
5. Narito ang mga larawang maaaring pagpilian para sa anim hanggang walong larawan na tatahiin ng mga mag-aaral upang makabuo at makapagsalaysay ng sariling kuwento.
6. Tandaan ang pagbibigay ng feedback sa gawain ay mahalaga para sa pagpapaunlad pa ng kasanayan.
7. Tapusin ang huling araw ng isang linggong sesyon sa pagpapaliwanag sa

kalahagahan ng pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

| DokyuWento: Multimodal na Presentasyon | |
|---|---|
| Nilalaman<br>• Angkop ang natukoy na paksa mula sa mga ibinigay na teksto at may malinaw na batayan;<br>• Holistiko at maayos ang pagkakabuo ng DokyuWento Bahagdan May Hook na maaaring nagpapakita ng tanong, estadistika, o nakakagulat na impormasyon 40% Malinaw ang ugnayan ng mga konsepto at kaisipan<br>• Angkop at tumpak ang mga salitang ginamit. | 40% |
| Kalidad/ Presentasyon<br>• Mabisa at malikhain ang paggamit ng wika;<br>• Natatangi ang teknik na ginamit;<br>• Angkop ang daloy ng ideya; at<br>• Gumamit ng visual effects hal. video transition/animation | 30% |
| Hikayat/Dating sa Madla<br>• Nakapanghihikayat at kapana-panabik ang bawat daloy<br>• Naipakikita ang empatiya at responsableng pananaw | 20% |
| Nakasunod sa Takdang Oras<br>• Naipasa sa takdang oras<br>• Nakasunod sa limang (5) minutong DokyuWento | 10% |
| **Kabuoan** | **100%** |

Day 1
- Pagpapakita ng halimbawa ng storyboard at burador ng isang dokumentaryo.
  **I-Witness: 'Bayang Uhaw', dokumentaryo ni Kara David**

Day 2
- Magsasagawaa ng ***Collaborative Planning*** ang bawat pangkat at bubuo ng outline ng eksena, script at visual/audio elements.
- Maghahanda ng burador ang bawat pangkat ng kanilang ***DokyuWento***.
- Magpapatupad ng ***Peer Feedback*** kung saan magpapalitan ng puna sa mga planong nabuo ang ibang grupo.

Day 3
- Magbibigay ng tungkulin sa bawat miyembro ng grupo tulad ng direktor, manunulat, tagapag-edit at tagapag-ulat.
- Magpapakita ang mga mag-aaral ng etikal na paggamit ng sanggunian upang masiguro ang kredibilidad ng mga datos na ipapakita sa DokyuWento.

Day 4

- Maglalaan ang guro ng ***hands-on Filming at editing session*** upang mas makapaghanda ang bawat pangkat.

Day 5

- Magbibigay ang guro ng feedback o puna sa nilalaman, teknikal na aspeto at kabuuang paghahanda para sa DokyuWento.

| **PANANALIKSIK** | |
|---|---|
| Pamantayan | Bahagdan |
| Kalinawan at Kabuluhan ng Suliranin 20% | 20% |
| Kalidad at Kredibilidad ng Datos at Sanggunian | 20% |
| Kritikal na Pagsusuri at Paglalapat ng Impormasyon | 25% |
| Inobasyon at Responsableng Paggamit ng AI | 15% |
| Presentasyon at Pagtugon sa mga Tanong | 20% |
| **Kabuoan** | **100%** |

**GABAY SA PALIGSAHAN**

1. Ang bawat kalahok o pangkat ay maaaring mag-isip ng pamagat mula sa mga nakalap na datos.
2. Magkakaroon ng itinakdang oras para sa pangangalap at pagsusuri ng datos gamit ang AI at iba pang mapagkakatiwalaang sanggunian.
3. Dapat malinaw na maitala at maipaliwanag ng kalahok kung paano ginamit ang AI sa proseso ng pananaliksik.
4. Ang output ay maaaring research brief, concept paper, policy recommendation, o infographic report. Ang guro ay maaari ring mag-isip ng iba pang alternatibong gawain kung hindi kakayanin ng oras. Siguraduhin na naaayon sa proseso ng pananaliksik ang mabubuong awtput.
5. Pagkatapos ng paghahanda, magkakaroon ng oral presentation at open forum kasama ang mga tatayong hurado.
6. Mahigpit na ipinagbabawal ang direktang pagkopya ng AI-generated content nang walang pagsusuri, pagberipika, at wastong pagkilala sa pinagmulan.

Enclosed: As stated.
*CID/jmn*